ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

# TINIG AT DANAS: KARANASAN NG MGA MAG-AARAL SA PAGGAMIT NG WEEKLY LEARNING MATRIX (WEELMAT)

**Princess G. Pongyan, Raymund L. Santiago, PhD**
*La Carlota City College, La Carlota City, Negros Occidental, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra31337
**DOI No:** 10.36713/epra31337

## ABSTRAK

*Ang pangunahing tunguhin ng pananaliksik na ito ay mailarawan at maunawaan ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Weekly Learning Matrix (WeeLMat) sa panahon ng suspensiyon ng klase. Sinuri ng mananaliksik ang kanilang mga karanasan, mga hamon, at mga tugon sa mga hamong ito. Ginamit ang kwalitatibong pananaliksik na nakabatay sa deskriptibong penomenolohiya at thematic analysis sa pagsusuri, pag-aanalisa, at pagbibigay-kahulugan sa mga nakalap na datos. Ang mga kalahok ay pinili sa pamamagitan ng purposive sampling at ang nakalap na datos ay isinagawa sa pamamagitan ng Focus Group Discussion. Natuklasan sa pag-aaral na mahalagang kagamitang pampagkatuto ang WeeLMat sa panahon ng suspensiyon ng klase sapagkat nakatulong ito sa pagpapatuloy, pagsasaayos, at pagpapabuti ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Gayunpaman, naranasan din nila ang mga hamong akademiko, teknikal, sariling pamamahala, at pantahanan. Bilang tugon sa mga hamong ito, isinagawa ng mga mag-aaral ang kolaboratibong estratehiya, estratehiya sa sariling pamamahala, at pagpapanatili ng motibasyong pang-akademiko. Mahalagang patuloy na mapabuti ang implementasyon ng WeeLMat sa pamamagitan ng suporta ng mga guro, paaralan, at mga magulang upang higit na mapalakas ang sariling pinamamahalaang pagkatuto ng mga mag-aaral.*

**KEYWORDS:** *Weekly Learning Matrix, Karanasan sa Pagkatuto, Suspensiyon ng Klase, Sariling Pinamamahalaang Pagkatuto*

## PANIMULA

Sa kasalukuyan, ang larangan ng edukasyon ay patuloy na humaharap sa iba't ibang hamon na may kaugnayan sa kalidad, pagiging episyente, at pagpapatuloy ng pagtuturo at pagkatuto. Ang mabilis na pagbabago sa teknolohiya, mga patakaran ng paaralan, at mga pangyayaring nagdudulot ng pagkaantala ng klase ay nagpakita kung gaano kahalaga ang mas organisado at sistematikong pagpaplano ng aralin. Ayon sa Department of Education (2022), kinakailangang maayos, malinaw, at disiplinado ang pag-oorganisa ng mga aralin upang matiyak na tuloy-tuloy ang pagkatuto ng mga mag-aaral at matugunan ang mga pamantayan ng kurikulum, lalo na kapag may pagbabago sa paraan o modalidad ng pag-aaral.

Isa sa mga paraan upang mapanatili ang kalidad ng pagtuturo sa Pilipinas, kahit sa panahon ng mga hamon, ay ang pagpapatupad ng mga estratehiyang nakabalangkas sa lingguhang pagpaplano. Ipinakita sa pag-aaral ni Lopo (2025), ang mga pagkaabala sa regular na klase ay nangangailangan ng mga alternatibong pamamaraan ng pagkatuto upang matiyak ang pagpapatuloy ng edukasyon. Binigyang-diin din sa pag-aaral ang kahalagahan ng maayos na pagpaplano at paghahanda ng mga kagamitang pampagkatuto upang maging epektibo ang pagpapatuloy ng pagkatuto.

Bilang tugon sa mga hamong ito, iminungkahi ang WeeLMat bilang isang paraan ng sistematikong lingguhang pagpaplano at organisadong paglalatag ng mga aktibidad sa pagkatuto. Layunin nitong tulungan ang mga guro na magkaroon ng malinaw na balangkas ng kanilang mga aralin habang pinauunlad ang kamalayan ng mga mag-aaral sa kanilang mga lingguhang gawain. Dahil dito, maituturing ang WeeLMat bilang isang mahalagang hakbang tungo sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga guro at sa paghubog ng mas responsable at aktibong mga mag-aaral.

### Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa "Tinig at Danas: Karanasan ng mga mag-aaral sa Paggamit ng Weekly Learning Matrix (WeeLMat)" sa isa sa mga pampublikong paaralan sa Lungsod ng Bacolod sa Taong Panuruan 2025-2026 na layuning sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng WeeLMat bilang bahagi ng kanilang pagkatuto?
2. Ano-ano ang mga hamon na naranasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng WeeLMat bilang bahagi ng kanilang pagkatuto?
3. Ano-ano ang mga tugon sa mga hamon na naranasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng WeeLMat bilang bahagi ng kanilang pagkatuto?

## MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

### Suspensiyon ng Klase

Ipinakikita ng mga naunang pag-aaral na ang suspensiyon ng klase ay may mahalagang implikasyon sa pagpapatuloy ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kina Mazrekaj at De Witte (2023), ang malawakang pagsasara ng mga paaralan noong pandemya ng COVID-19 ay nagdulot ng pagbaba

sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral, pagkawala ng pagkatuto, at mga hamon sa kalusugang pangkaisipan. Katulad nito, natuklasan nina Miller at Hui (2022), maging ang panandaliang pagsasara ng mga paaralan sa loob lamang ng isa hanggang limang araw ay may negatibong kaugnayan sa akademikong pagganap dahil sa pagkawala ng oras ng pagtuturo.

**Kagamitang Pampagkatuto**

Bilang tugon sa mga pagkagambala sa regular na klase, binigyang-diin sa mga naunang pag-aaral ang mahalagang papel ng mga kagamitang pampagkatuto sa pagpapatuloy ng edukasyon. Ayon sa magkasanib na ulat ng OECD, UNESCO Institute for Statistics, UNICEF, World Bank, at UNESCO (2022), gumamit ang iba't ibang bansa ng mga nakalimbag at digital na kagamitang pampagkatuto upang matiyak ang patuloy na pagkatuto sa panahon ng pagsasara ng mga paaralan. Ipinakita rin sa kanilang ulat na ang mga kagamitang ito ay naging mahalagang bahagi ng mga programang nakatuon sa pagpapanumbalik ng pagkatuto o learning recovery at sa patuloy na pagbabago ng mga sistemang pang-edukasyon matapos ang pandemya.

**Sariling Pamamahala sa Pagkatuto o Self-Directed Learning**

Ipinakikita ng mga naunang pag-aaral na ang paggamit ng mga kagamitang pampagkatuto ay naglalagay sa mga mag-aaral sa mas aktibong papel sa pamamahala ng kanilang sariling pagkatuto. Ayon kina Finn et al. (2025), ang sariling pamamahala sa pagkatuto ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataong aktibong planuhin, isagawa, at subaybayan ang kanilang pagkatuto, kaya napauunlad ang awtonomiya ng mag-aaral, kritikal na pag-iisip, at kakayahang umangkop sa iba't ibang sitwasyon ng pag-aaral.

**Mga Hadlang sa Pagkatuto**

Ayon kina Mutalib et al. (2022), nakararanas ang mga mag-aaral ng iba't ibang hamon sa pagkatuto na may kaugnayan sa teknolohiya, kapaligiran sa pag-aaral, motibasyon, pakikipag-ugnayan, at suportang pang-edukasyon. Ipinakita sa kanilang sistematikong pagsusuri na ang mga salik na ito ay may impluwensiya sa kabuuang karanasan at akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

**Estratehiya sa Pagkatuto**

Bilang tugon sa mga hamon, gumagamit ang mga mag-aaral ng iba't ibang estratehiya upang mapanatili ang kanilang pagkatuto. Ayon kina Lai et al. (2022), kabilang dito ang pagtatakda ng layunin, paggamit ng learning resources, pagsubaybay sa sariling pag-unlad, at paghingi ng tulong, na nakatutulong sa pagpapatuloy at pag-angkop ng pagkatuto sa iba't ibang kapaligirang pang-edukasyon.

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

**Disenyo ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong pananaliksik na nakabatay sa deskriptibong penomenolohiya upang mailarawan at maunawaan ang esensya ng mga buhay na karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng WeeLMat bilang bahagi ng kanilang pagkatuto. Ginamit ang deskriptibong penomenolohiya, isang pamamaraang nakabatay sa pilosopiya ni Husserl (1931), at higit pang napaunlad sa larangan ng kwalitatibong pananaliksik nina Moustakas (1994) at Giorgi (2009). Layunin ng disenyong ito na mailarawan ang esensya ng mga buhay na karanasan ng mga kalahok.

**Mga Kasangkot at Tagatugon ng Pananaliksik**

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay walong mag-aaral ng Ika-labing-isang Baitang mula sa Humanities and Social Sciences (HUMSS) at Technical-Vocational-Livelihood (TVL) Track ng isa sa mga pampublikong mataas na paaralan sa Lungsod ng Bacolod sa Taong Panuruan 2025–2026. Ginamit sa pag-aaral ang *purposive sampling* bilang pamamaraan sa pagpili ng mga kalahok. Sa pamamaraang ito, sadyang pinili ng mananaliksik ang mga mag-aaral na may angkop na karanasan sa penomenong pinag-aaralan upang makapagbigay ng mayaman, malalim, at makabuluhang datos na magsisilbing batayan sa pag-unawa sa kanilang mga karanasan sa paggamit ng WeeLMat bilang bahagi ng kanilang pagkatuto.

**Inclusion Criteria**

a) Kasalukuyang mag-aaral ng Ika-labing-isang Baitang mula sa Humanities and Social Sciences (HUMSS) o Technical-Vocational-Livelihood (TVL) Track ng isa sa mga pampublikong mataas na paaralan sa Lungsod ng Bacolod sa Taong Panuruan 2025–2026.
b) May aktuwal na karanasan sa paggamit ng WeeLMat bilang bahagi ng kanilang sa panahon ng suspensiyon ng klase; at
c) Kusang-loob na lumahok sa Focus Group Discussion (FGD) upang magbahagi ng kanilang mga karanasan matapos mabigyan ng kaukulang impormasyon tungkol sa pag-aaral at makapagbigay ng pahintulot.

**Instrumento ng Pag-aaral**

Ginamit sa pag-aaral na ito ang isang mala-estrukturadong gabay sa panayam na binuo ng mananaliksik batay sa layunin ng pananaliksik upang makakalap ng mga datos hinggil sa mga karanasan ng mga kalahok sa paggamit ng WeeLMat bilang bahagi ng kanilang pagkatuto. Ang mga tanong sa panayam ay bukas *(open-ended)* upang mabigyan ng sapat na pagkakataon ang mga kalahok na malayang maipahayag ang kanilang mga saloobin, pananaw, at karanasan nang hindi nalilimitahan sa mga tiyak na pagpipiliang sagot.

**Kabisaan at Kahusayan ng Instrumento ng Pananaliksik**

Ang mala-estrukturadong gabay sa panayam na binuo ng mananaliksik ay ipinabalido sa tatlong eksperto sa larangan ng edukasyon na may espesyalisasyon sa Filipino. Kabilang sa mga eksperto ang isang Principal II at dalawang Teacher II na pawang naglilingkod sa mga pampublikong mataas na paaralan sa Lungsod ng Bacolod. Matapos maibalido ang instrumento, isinama ng mananaliksik ang mga mungkahi at rekomendasyon ng mga eksperto upang higit na mapahusay ang kalinawan,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

kaangkupan, at lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga tanong bago ito gamitin sa aktuwal na pangangalap ng datos.

**Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos**

Bago isagawa ang pangangalap ng datos, humingi muna ang mananaliksik ng pahintulot mula sa administrasyon ng paaralan, mga napiling kalahok at sa kanilang mga magulang sa pamamagitan ng liham pahintulot. Isinagawa ang Focus Group Discussion gamit ang isang mala-estrukturadong gabay sa panayam sa isang tahimik at komportableng lugar sa labas ng paaralan, sapagkat bakasyon na ng mga mag-aaral sa panahon ng pangangalap ng datos. Sa isinagawang panayam, binigyan ng kalayaan ang mga kalahok na maibahagi ang kanilang mga karanasan at hindi sila pinilit na sagutin ang mga tanong na hindi nila nais o lampas sa kanilang kaalaman. Gumamit din ang mananaliksik ng *probing questions* upang higit na mapalalim ang kanilang mga tugon. Matapos ang panayam, isinulat ng mananaliksik ang mahahalagang punto o buod ng mga naging tugon ng mga kalahok at ipinabasa sa kanila upang mapatunayan ang wastong pagkaunawa sa kanilang mga pahayag. Matapos mapatunayan ang katumpakan ng mga ito, nilagdaan ng mga kalahok ang buod bilang pagpapatunay sa kanilang mga naging tugon.

**Pamamaraan ng Pag-aanalisa ng mga Datos**

Upang matiyak ang masusing pagsusuri sa mga kwalitatibong datos, sinunod sa pag-aaral na ito ang Thematic Analysis nina Braun at Clarke (2006), nilinaw at pinalawak (2019) at tinalakay ni Byrne (2021), ginamit upang matukoy, masuri, at mabigyang-kahulugan ang mga padron na lumitaw mula sa mga salaysay ng mga kalahok hinggil sa kanilang mga karanasan sa paggamit ng WeeLMat.

Pagiging Pamilyar sa mga Datos. Pinakinggan nang paulit-ulit ng mananaliksik ang mga audio recording ng Focus Group Discussion kasabay ng pagbasa sa mga verbatim na transkripsiyon upang maunawaan ang nilalaman, konteksto, at kahulugan ng mga pahayag ng mga kalahok.

Pagbuo ng mga Paunang Koda. Matapos maging pamilyar sa mga datos, tinukoy at nilagyan ng mga paunang koda ang mahahalagang salita, parirala, at pangungusap sa bawat verbatim na transkripsiyon batay sa kanilang kahulugan. Inihambing at pinagsama-sama ang magkakatulad na mga koda upang matukoy ang mga padron ng kahulugan na naging batayan sa pagbuo ng mga subtema at pangunahing tema.

Paghahanap ng mga Tema. Sinuri at pinagsama-sama ang mga paunang koda ayon sa kanilang pagkakatulad upang makabuo ng mga subtema. Ang mga subtemang ito ay inihanay upang mabuo ang mga pangunahing tema na kumakatawan sa mga karanasan ng mga kalahok.

Pagrerepaso ng mga Tema. Muling sinuri at nirebisa ang mga tema at subtema upang matiyak ang kanilang pagkakaugnay, pagkakaiba, at pagiging angkop sa kabuuan ng mga datos. Nang wala nang lumilitaw na mga bagong koda, subtema, o pangunahing tema, itinuring na nakamit ang *data saturation.*

Pagbibigay-kahulugan at Pagbibigay-pangalan sa mga Tema. Matapos mapagtibay ang mga tema, binigyang-kahulugan ang nilalaman at saklaw ng bawat isa at binigyan ng maikli, malinaw, at angkop na pangalan na kumakatawan sa sentral na diwa ng mga datos.

Pagsulat ng Ulat. Inilahad ang mga natuklasan ayon sa mga pangunahing tema at kaugnay na mga subtema, na sinuportahan ng mga piling siping verbatim, pagsusuri, interpretasyon, at sintesis. Iniugnay rin ang mga natuklasan sa mga kaugnay na literatura at mga naunang pag-aaral.

**Data Trustworthiness**

Upang matiyak ang kalidad at kredibilidad ng pag-aaral, isinagawa ang apat na pamantayan ng Trustworthiness Framework nina Lincoln at Guba (1985). Una ang credibility, isinagawa ang *member checking* pagkatapos ng panayam kung saan ibinalik sa mga kalahok ang buod ng kanilang tugon upang matiyak ang katumpakan ng interpretasyon. Pangalawa ang transferability, isinakatuparan sa pamamagitan ng masusing paglalarawan ng konteksto ng pag-aaral, mga kalahok, at proseso ng pananaliksik upang matulungan ang ibang mananaliksik na matukoy ang posibilidad ng aplikasyon ng mga natuklasan sa ibang konteksto. Pangatlo ang dependability, tiniyak ang maayos na dokumentasyon ng bawat hakbang ng pananaliksik sa pamamagitan ng *audit trail* na binubuo ng mga liham pahintulot, audio recording, verbatim na transkripsiyon, member checking forms, tala ng pagkokoda, at iba pang kaugnay na dokumentasyon ng pananaliksik. Panghuli, sa confirmability, siniguro na ang mga interpretasyon at natuklasan ay nakabatay lamang sa mga verbatim na transkripsiyon at napatunayan sa pamamagitan ng mga orihinal na audio recording.

## PRESENTASYON,PAG-AANALISAAT INTERPRETASYON NG MGA DATOS

**Tema 1: Patuloy na Pagkatuto**

Lumitaw sa pagsusuri ng mga datos ang temang Patuloy na Pagkatuto, na nagpapakita kung paano naipagpatuloy ng mga mag-aaral ang kanilang pag-aaral sa pamamagitan ng WeeLMat sa kabila ng mga sitwasyong maaaring makaantala sa regular na proseso ng pagtuturo.

**Subtema1.1: Pagpapanatili ng Pagkatuto**

*"Sa palagay ko po, Ma'am, maganda ang naging karanasan ko sa WeeLMat. Sa tuwing may suspensiyon ng klase o wala ang guro, alam naming mga mag-aaral na may mga gawain kaming dapat gawin."*
*-Alyas Henry*

*"Nagulat talaga ako sa magandang ideya nito dahil sa halip na wala kang ginagawa kapag may suspensiyon ng klase, may nakatalaga kang mga gawain sa pamamagitan ng WeeLMat."*
*-Alyas Timmy*

*"Para sa akin po, Ma'am, malaking tulong ang paggamit ng WeeLMat para sa mga mag-aaral, lalo na kapag walang klase. May mga nakahanda nang mga gawain na maaari nilang gawin upang hindi sila mahuli sa mga araling kailangan nilang pag-aralan."*
*-Alyas Samuel*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

*"...Kahit walang klase, nagpapatuloy pa rin ang pagkatuto dahil naroon ang mga tagubilin."*
*-Alyas Erny*

*"...Sa huli, mas naging masaya ako dahil para bang nag-aaral pa rin kami. Para bang nasa loob pa rin kami ng silid-aralan kaya hindi na kami gaanong nahirapan."*
*-Alyas Erny*

**Subtema1.2: Makabuluhang Paggamit ng Oras**

*"Ang WeeLMat ay talagang nakatutulong sa amin sa pagpapanatili ng kaayusan sa loob ng silid-aralan dahil mayroon kaming mga gawaing dapat isagawa. Mayroon kaming mga itinakdang gawain kaya kinakailangan muna naming unahin ang mga ito."*
*-Alyas Timmy*

*"Nagagamit mo talaga ang iyong oras upang matuto ng mga bagong bagay at maisagawa ang mga aktibidad. Nagbabasa ka ng mga modyul kaya nahahasa pa rin ang iyong kasanayan sa pagbasa at pag-unawa, at nakasasagot ka rin. Hindi ka napag-iiwanan sa inyong klase at kasabay nito ay nagagamit mo rin ang WeeLMat at ang modyul."*
*-Alyas Timmy*

*"Malaking pakinabang ang WeeLMat para sa aming mga mag-aaral. Siyempre, katulad ninyo, Ma'am, may mga pagkakataong wala kayo dahil nauunawaan naming mayroon din kayong mga tungkulin. Nag-iiwan na lamang kayo ng mga gawaing dapat naming gawin, at mabuti iyon dahil nagiging kapaki-pakinabang ang oras ninyo at maging ang oras namin sa pagkatuto."*
*-Alyas Sylvia*

Sa kabuuan, ipinakikita ng dalawang subtema na ang Pagpapanatili ng Pagkatuto at Makabuluhang Paggamit ng Oras ay magkaugnay na mga karanasang bumubuo sa temang Patuloy na Pagkatuto. Katulad ng natuklasan sa pag-aaral ni Gouthro (2022), ang pagkatuto ay isang tuloy-tuloy na proseso na maaaring maganap sa iba't ibang konteksto at karanasan, hindi lamang sa loob ng pormal na institusyong pang-edukasyon. Sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral, ipinakikita ng mga karanasan ng mga kalahok na naging mahalagang kasangkapan ang WeeLMat sa pagpapanatili ng tuloy-tuloy na pagkatuto.

**Tema 2: Sistematikong Pagkatuto**

Lumitaw sa pagsusuri ng mga datos ang temang Sistematikong Pagkatuto, na nagpapakita kung paano naging organisado at planado ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa paggamit ng WeeLMat.

**Subtema 2.1: Pagkakaroon ng Malinaw na Gabay**

*"...kapag wala ang guro, mayroon ka nang gabay. Alam mo na rin ang mga gagawin mula Lunes hanggang Biyernes dahil mayroon ka nang gabay kaya hindi ka na mahihirapan."*
*-Alyas Ernesto*

*"...Noong panahong wala nang klase at naputol ang pasok, doon ko nakita ang layunin ng WeeLMat. Kapag walang klase, lalo na kung biglaan ang pag-aanunsiyo, mayroon na kayong gabay."*
*-Alyas Ernesto*

*"Para sa akin, Ma'am, epektibo talaga ang WeeLMat dahil kapag may suspensiyon ng klase, mayroon na kaming gabay sa pagsagot ng inyong mga gawain at hindi na namin kailangang maghintay na ipadala pa ninyo ang mga aktibidad. Epektibo talaga ito at natuwa rin ako sa paggamit nito."*
*-Alyas Henry*

*"Madali lamang itong unawain, Ma'am, dahil babasahin mo lamang ito. Nandoon na rin ang mga panuto sa template at mas maganda dahil nakahanda na ito nang maaga."*
*-Alyas Erny*

**Subtema 2.2: Organisadong Pagkatuto**

*"...Nasiyahan din ako na mayroong WeeLMat. Maganda talaga, Ma'am, na may WeeLMat dahil malaki ang naitutulong nito. Mas naging organisado kami."*
*-Alyas Samuel*

*"Hindi naman talaga mahirap unawain ang WeeLMat kung susuriin mo lamang ito nang mabuti. Nakasulat na rito mula Lunes hanggang Biyernes kung ano ang sasagutan mo at kung anong materyal ang gagamitin. Halimbawa, kung Gawain 1 ang nakalagay, iyon ang sasagutan, gayundin ang pagtataya."*
*-Alyas Sylvia*

*"Noong itinuro at ipinakilala ninyo sa amin ang WeeLMat, malaking naitulong nito sa amin, Ma'am, dahil parang sinasanay kami nitong maging organisado. Halimbawa, kung mayroon kaming mga plano sa buhay, maaari namin itong ilagay sa Lunes o Huwebes. Maaari rin kaming gumawa ng sarili naming WeeLMat at iangkop o gamitin ito sa aming pang-araw-araw na buhay."*
*-Alyas Erny*

Sa kabuuan, ipinakikita ng dalawang subtema na ang Sistematikong Pagkatuto ay nabuo sa pamamagitan ng Pagkakaroon ng Malinaw na Gabay at Organisadong Pagkatuto. Ang interpretasyong ito ay umaayon sa natuklasan nina Zhang et al. (2024), ang mga istrukturado at mahusay na planadong pamamaraan ng pagkatuto ay nakatutulong sa pagpapanatili ng organisasyon, partisipasyon, at pagpapatuloy ng pag-aaral ng mga mag-aaral. Batay sa pagsusuri ng mga datos, pinatutunayan ng mga karanasan ng mga kalahok na ang WeeLMat ay nagsilbing malinaw na gabay na nagbigay ng organisadong estruktura sa kanilang pag-aaral.

**Tema 3: Malayang Pagkatuto**

Naipakita sa pagsusuri ng mga datos ang temang Malayang Pagkatuto, na nagpapakita kung paano unti-unting naging higit na independiyente ang mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto sa paggamit ng WeeLMat.

**Subtema 3.1: Kasarinlan sa Pagkatuto**

*"...Natutuhan kong gamitin ito sa pamamagitan ng pagsunod sa mga panuto at ng sarili kong pagsusuri. Natutuhan ko ring mag-aral nang mag-isa at gamitin lamang ang mga magagamit na sanggunian na mayroon sa aming tahanan."*
*-Alyas Timmy*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

*"...Inunawa at sinuri ko lamang ito nang mabuti, Ma'am. Natutuhan kong mag-aral nang mag-isa at gamitin lamang ang mga magagamit na sanggunian na mayroon sa aming tahanan."*
*-Alyas Sylvia*

*"...Hindi ka na masyadong umaasa sa guro, Ma'am."*
*-Alyas Samuel*

Mula sa mga pahayag ng mga kalahok, lumilitaw na unti-unting nahubog ang kanilang kakayahang pamahalaan ang sariling pagkatuto. Ang natuklasang ito ay umaayon sa natuklasan nina Caballero-Cantu et al. (2023), ang malayang pagkatuto ay isang prosesong nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maging aktibong tagapamahala ng kanilang sariling pag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng mga magagamit na mapagkukunan, pagdedesisyon, at paglinang ng kakayahang matuto nang hindi lubos na umaasa sa iba.

Batay sa kabuuang pagsusuri, pinatutunayan ng mga karanasan ng mga kalahok na ang WeeLMat ay nagbigay sa kanila ng pagkakataong higit na umasa sa kanilang sariling kakayahan sa pagkatuto.

**Tema 4: Mga Hamong Akademiko**

Mula sa pagsusuri ng mga datos, nabuo ang temang Mga Hamong Akademiko, na nagpapakita ng iba't ibang suliraning naranasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng WeeLMat na may kaugnayan sa pag-unawa sa nilalaman ng mga aralin at pagsasagawa ng mga gawaing pampagkatuto.

**Subtema 4.1: Kahirapan sa Pag-unawa sa Nilalaman ng Aralin**

*"Hindi ang WeeLMat ang naging hamon, Ma'am, kundi ang learning materials. Iba pa rin, Ma'am, kapag ikaw mismo ang nagsasaliksik upang maunawaan ang aralin."*
*-Alyas Sylvia*

*"May mga gabay o panuto sa learning materials na mahirap unawain. Ang WeeLMat naman ay madali lamang unawain."*
*-Alyas Ernesto*

*"Para sa akin, Ma'am, may mga pagkakataong nakalilito. Halimbawa, sa modyul ay hindi ko agad malaman kung alin ang dapat sagutan. Hindi ko alam kung ang nasa itaas lamang ba o lahat ng nakasaad ang dapat sagutan. Iyon lamang ang bahaging medyo nakalilito para sa akin. Ngunit nang unawain ko ang mga tanong at panutong nakalagay sa WeeLMat, naging panatag na ako at mas naging madali na ang pagsagot. Hindi ako nalito dahil sa WeeLMat, kundi sa mga aralin at gawaing kailangang isagawa sapagkat wala naming kasama ang guro."*
*-Alyas Samuel*

*"Para sa akin, Ma'am, nalito rin ako tulad ni Alyas Samuel, lalo na sa kung ano ang dapat sagutan. Gayunpaman, madali lamang itong matukoy kapag naunawaan nang mabuti ang mga tanong. Ang bahaging medyo nakalilito para sa akin ay ang mismong aralin."*
*-Alyas Hanz*

*"Ang mismong aralin ang nakalilito, ngunit sa kabuuan ay madaling unawain ang WeeLMat."*
*-Alyas Sarah*

*"Mayroon akong isang gawain na hindi nasagutan dahil mali ang naging interpretasyon ko sa mga panuto. Mali ang pagkaunawa ko sa panutong nakasaad sa modyul. Nalito ako sa paksa at hindi sa WeeLMat. Gayunpaman, alam ko naman kung saang tiyak na araw ito dapat sagutan."*
*-Alyas Erny*

**Subtema 4.2: Kalituhan sa mga Panuto at Gawain sa WeeLMat**

*"Mayroon ding hamon, Ma'am, dahil may mga panutong hindi malinaw. Mas malinaw sana ito kung naipaliwanag nang harapan dahil mas madali namin itong marinig at maunawaan kapag nanggaling mismo sa inyo."*
*-Alyas Henry*

*"Sa aking karanasan, Ma'am, medyo nahirapan ako dahil hindi lahat ng tanong o gabay sa WeeLMat ay madaling maunawaan. Nahirapan ako sa ilang gabay at mga tanong."*
*-Alyas Ernesto*

*"Kung ang learning material lamang ang titingnan at babasahin, mauunawaan mo naman ito ngunit hindi nang lubusan, Ma'am. Kaya medyo mahirap pa rin. Nasagutan ko ang lahat ng gawain mula Lunes hanggang Biyernes kahit ang dapat lamang sanang sagutan ay ang aktibidad na nakatalaga para sa araw na may suspensiyon ng klase."*
*-Alyas Sylvia*

*"Ang pagbibigay-kahulugan sa mga panuto ay nakasalalay na sa amin dahil wala ang guro. Kaya kami na mismo ang nag-iinterpret ng mga panuto, at iyon ang naging pangunahing kahinaan ng sitwasyon."*
*-Alyas Erny*

*"Para sa akin, Ma'am, ang naging mahirap ay ang mga panuto sa WeeLMat. Halimbawa, ang pagkaunawa ko ay isang bahagi lamang ang dapat sagutan, ngunit may iba namang nagsasabing lahat ang kailangang sagutan dahil iyon daw ang nakasaad sa WeeLMat."*
*-Alyas Samuel*

*"Nalito ako dahil sunod-sunod ang mga gawain. Nagtatanong pa ako sa kanila kung alin ang dapat sagutan, at sinabi rin nila na ang lahat daw ng gawain ang kailangang sagutan."*
*-Alyas Sarah*

*"Ganoon din ang naging karanasan ko, Ma'am, katulad ng sa kanila. Hindi ko alam kung hindi lamang ako nakinig nang mabuti, ngunit may mga gawain akong hindi nasagutan dahil hindi ko alam kung saang papel ko ito isusulat, kung sa whole sheet ba o sa crosswise."*
*-Alyas Hanz*

Sa kabuuang pagsusuri, ipinakikita ng dalawang subtema na ang mga hamong akademikong naranasan ng mga kalahok ay nag-ugat sa pag-unawa sa nilalaman ng mga aralin at sa pagbibigay-kahulugan sa mga panuto ng mga gawaing nakapaloob sa WeeLMat. Kaayon ng mga natuklasang ito, ipinakita nina Kranz et al. (2022), ang mga mag-aaral ay maaaring makaranas ng iba't ibang hamong akademiko sa pagsasagawa ng mga gawaing pampagkatuto, kabilang ang kahirapan sa pag-unawa sa mga learning materials, pagbibigay-kahulugan sa nilalaman ng mga aralin, at wastong pagsunod sa mga panuto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

Pinatutunayan ng mga natuklasan sa pag-aaral na ang mga hamong akademikong naranasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng WeeLMat ay may kaugnayan sa pag-unawa sa nilalaman ng kagamitang pampagkatuto at sa pagbibigay-kahulugan sa mga panutong kaakibat ng mga gawaing pampagkatuto.

**Tema 5: Mga Hamong Teknikal**

Sa pagsusuri ng mga datos, ang temang Mga Hamong Teknikal, na nagpapakita ng mga teknikal na suliraning naranasan ng mga mag-aaral habang ginagamit ang WeeLMat bilang kasangkapan sa pagkatuto.

**Subtema 5.1: Pagkawala ng Elektrisidad**

*"Sa amin, Ma'am, nagsuspinde ng klase dahil sa bagyo at nagkaroon pa ng pagkawala ng suplay ng kuryente."*
*-Alyas Henry*

*"…Naranasan ko rin na mawalan ng suplay ng kuryente."*
*-Alyas Erny*

*"Sa akin, Ma'am, may mga pagkakataong wala talagang suplay ng kuryente at patuloy ring umuulan."*
*-Alyas Hanz*

**Subtema 5.2: Kawalan ng Internet Connection**

*"…Dahil sa suspensiyon ng klase at sa panahong may bagyo, wala talagang koneksiyon sa internet at iba pang serbisyong kailangan."*
*-Alyas Sylvia*

*"Wala kaming internet at wala ring suplay ng kuryente."*
*-Alyas Henry*

*"Nawalan din kami ng koneksiyon sa internet at signal."*
*-Alyas Erny*

*"Wala kaming internet, Ma'am, dahil nagkaroon ng pagkawala ng suplay ng kuryente."*
*-Alyas Hanz*

Pinagsasama ng dalawang subtemang ito ang kabuuang larawan ng mga hamong teknikal na naranasan ng mga kalahok sa paggamit ng WeeLMat. Kaayon ng mga natuklasang ito, ipinakita nina Lagmay at Rodrigo (2022), ang mga matitinding kondisyon ng panahon, tulad ng bagyo at iba pang kalamidad, ay maaaring magdulot ng pagkawala ng elektrisidad at koneksyon sa internet na nagiging malaking balakid sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa distance learning. Sa kabuuan, pinatutunayan ng mga natuklasan sa pag-aaral na ang pagkawala ng elektrisidad at koneksyon sa internet ay naging mahahalagang hamong teknikal sa paggamit ng WeeLMat.

**Tema 6: Mga Hamon sa Sariling Pamamahala**

Sa pagsusuri ng mga datos, natukoy ang temang Mga Hamon sa Sariling Pamamahala, na nagpapakita ng mga suliraning naranasan ng mga mag-aaral sa pagpapanatili ng kanilang motibasyon at pokus habang ginagamit ang WeeLMat bilang kasangkapan sa pagkatuto.

**Subtema 6.1: Pagbaba ng Motibasyon sa Pagkatuto**

*"Dahil online ang pagkatuto, may mga pagkakataong tinatamad talaga akong gumawa ng mga gawain."*
*-Alyas Timmy*

*"Kawalan ng interes at disiplina sa sarili. Dahil nasa bahay, hindi maiiwasan na tamarin sa paggawa ng aktibidad at nagkakaroon ng interes na gawin ang gawain sa paaralan."*
*-Alyas Timmy*

*"Tinatamad lamang talaga ako dahil nahihirapan akong unawain ang aralin. Sinasabi ko sa sarili ko na mamaya ko na lamang ito iintindihin dahil sumasakit ang ulo ko sa kakaisip tungkol dito."*
*-Alyas Sylvia*

*"Dahil sa katamaran, nag-scroll lamang ako sa aking cellphone hanggang sa nakatulog. Nagpahinga muna ako upang luminaw ang aking isipan, at saka ko lamang naalala na mayroon pa pala akong mga gawaing kailangang tapusin."*
*-Alyas Sarah*

*"...nakatatamad din dahil nasa bahay lamang."*
*-Alyas Hanz*

**Subtema 6.2: Kawalan ng Pokus Dulot ng mga Distraksiyon**

*"Madali talaga akong madistract. Kapag magsisimula na sana akong gumawa ng mga gawain, bigla naman akong inaaya ng aking kaibigan. Dahil gusto ko ring lumabas, sumasama na lamang ako at sinasabi sa sarili ko na mamaya ko na lamang gagawin ang mga gawain dahil minsan lamang naman iyon."*
*-Alyas Sylvia*

*"Inaaya rin ako ng aking mga kaibigan."*
*-Alyas Erny*

*"Ang social media lamang, Ma'am. Nalilibang na ako sa paggamit ng social media hanggang sa nakakalimutan ko na ang WeeLMat."*
*-Alyas Samuel*

Mula sa mga salaysay ng mga kalahok, lumilitaw na ang mga hamon sa sariling pamamahala ay hindi lamang umiikot sa pagpapanatili ng motibasyon kundi maging sa kakayahang mapanatili ang pokus sa pag-aaral. Sinusuportahan din ito ng pag-aaral nina Prasse et al. (2024), isa sa mga pangunahing hamon sa self-regulated learning sa mga teknolohiyang sumusuporta sa pagkatuto ay ang kakayahan ng mga mag-aaral na mapanatili ang sariling motibasyon, makontrol ang mga distraksiyon, at mapanatili ang pokus habang nagsasagawa ng mga gawaing pampagkatuto. Sa kabuuan, pinatutunayan ng mga natuklasan sa pag-aaral na ang mga hamon sa sariling pamamahala ay may kaugnayan sa kakayahan ng mga mag-aaral na mapanatili ang kanilang motibasyon at pokus habang ginagamit ang WeeLMat.

**Tema 7: Mga Hamong Pantahanan**

Sa pagsusuri ng mga datos, natukoy ang temang Mga Hamong Pantahanan, na nagpapakita ng iba't ibang hamong nagmumula sa loob ng tahanan na nakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral habang ginagamit ang WeeLMat bilang kasangkapan sa pagkatuto.

**Subtema 7.1: Mga Responsibilidad sa Tahanan**

*"Dahil nasa bahay ka lamang, mayroon ding iba pang mga gawaing kailangang gawin. May mga pagkakataong hindi na*

*sapat ang oras para gawin ang mga aktibidad dahil may mga gawaing-bahay na kailangan ding asikasuhin."*
*-Alyas Ernesto*

*"Sunod-sunod ang mga ipinagagagawa sa akin. Dahil dito, hindi ko na agad magawa ang aking WeeLMat sapagkat palagi akong inuutusan. Kapag magsisimula na sana akong gumawa ng WeeLMat, mayroon na naman silang ipinagagagawa sa akin."*
*-Alyas Sarah*

*"May mga pagkakataong wala ka na sanang ibang gagawin sa bahay at hindi ka na rin inuutusan ng iyong mga magulang. Ngunit inutusan ako ng aking tiyahin na bantayan ang kaniyang anak noong sasagutan ko na sana ang WeeLMat. Bigla niya itong iniwan sa akin dahil may pupuntahan siya. Wala naman akong magawa, Ma'am, dahil ako na lamang ang naiwan sa bahay at ang nakababata kong kapatid ay hindi pa kayang magbantay ng bata."*
*-Alyas Hanz*

Lumilitaw na ang mga responsibilidad sa tahanan ay naging hadlang sa maayos na pamamahala ng kanilang oras at pokus sa pag-aaral. Kaayon ng mga natuklasang ito, ipinakita nina Otero-Mayer et al. (2025), ang pamilya ay may mahalagang impluwensiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat ang mga gawain, inaasahan, at responsibilidad sa loob ng tahanan ay maaaring makaapekto sa kanilang pakikilahok sa mga gawaing pang-akademiko. Sa kabuuan, pinatutunayan ng mga natuklasan sa pag-aaral na ang mga responsibilidad sa tahanan ay naging isa sa mga pangunahing hamong nakaimpluwensiya sa paggamit ng WeeLMat ng mga mag-aaral.

**Tema 8: Kolaboratibong Estratehiya**

Masasalamin sa mga salaysay ng mga kalahok, na ang temang Kolaboratibong Estratehiya, na nagpapakita kung paano ginamit ng mga mag-aaral ang pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa kanilang mga kaklase upang malampasan ang mga hamong kanilang naranasan sa paggamit ng WeeLMat.

**Subtema 8.1: Pakikipagtulungan sa mga Kaklase**

*"Nahihiya akong magtanong sa guro kaya sa mga kaklase na lamang ako nagtatanong."*
*-Alyas Henry*

*"Ang ginawa ko, Ma'am, ay nagtanong ako sa aking mga kaklase."*
*-Alyas Ernesto*

*"Humingi ako ng tulong sa pamamagitan ng pagtatanong sa aking mga kaklase. Sa paaralan ko na lamang ginawa ang mga gawain at nakisabay din ako sa kanila."*
*-Alyas Sylvia*

*"Nagtanong ako sa aking mga kaklase at malaki ang naitulong nito, Ma'am. Dahil dito, mas naunawaan ko ang lahat at nasagutan ko ang mga gawain. Hindi na ako nahirapan at naging mas madali na para sa akin."*
*-Alyas Samuel*

*"Humingi ako ng tulong sa aking mga kaklase at mas nakatulong kapag pareho kami ng naging interpretasyon. Dahil dito, mas naging kumpiyansa ako sa aking mga sagot."*
*-Alyas Erny*

*"Humingi rin ako ng tulong sa aking mga kaklase at nakatulong ito sa akin, Ma'am, dahil pareho lamang kami ng naging pagkaunawa. Kaya naging mas madali para sa akin."*
*-Alyas Hanz*

*"Katulad din ng kanilang sagot, Ma'am, humingi rin ako ng tulong sa aking mga kaklase. Kapag pareho kami ng naging interpretasyon, mas nagiging kumpiyansa ako sa aking mga sagot."*
*-Alyas Sarah*

Mula sa mga salaysay ng mga kalahok, lumilitaw na ang pakikipagtulungan sa mga kaklase ay naging mahalagang tugon sa mga hamong naranasan nila sa paggamit ng WeeLMat. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay nagpapakita ng pagkakatulad sa natuklasan nina Nur at Butarbutar (2022), ang kolaboratibong pagkatuto ay nakabatay sa aktibong interaksiyon, pagtutulungan, at pagbabahaginan ng kaalaman ng mga mag-aaral upang makamit ang iisang layunin sa pagkatuto. Batay sa pagsusuri ng mga datos, pinatutunayan ng mga karanasan ng mga kalahok na ang kolaboratibong estratehiya ay naging mahalagang tugon sa mga hamong kanilang naranasan sa paggamit ng WeeLMat.

**Tema 9: Estratehiya sa Sariling Pamamahala**

Ipinakita sa pagsusuri ng mga datos na ang temang Estratehiya sa Sariling Pamamahala ay nagpapakita kung paano gumamit ang mga mag-aaral ng iba't ibang estratehiya upang mapamahalaan ang kanilang pagkatuto habang ginagamit ang WeeLMat.

**Subtema 9.1: Disiplina sa Sarili**

*"Pamamahala ng oras."*
*-Alyas Timmy*

*"...Sinikap ko lamang na manatiling kalmado sa sitwasyon. Nang bumalik na ang suplay ng kuryente, inayos ko ang aking oras at agad kong tinapos ang aking mga gawain."*
*-Alyas Henry*

*"May mga pagkakataon, Ma'am, na inuuna ko munang gawin at tapusin ang aking mga gawain bago ko gawin ang gusto kong gawin. Mayroon ding mga pagkakataong inuuna ko muna ang gusto kong gawin at pagkatapos ay tinatapos ko ang mga gawain sa modyul."*
*-Alyas Erny*

*"Ang pinakaepektibo, Ma'am, ay sagutan na agad ang mga gawain nang maaga."*
*-Alyas Erny*

*"Tinatamad na talaga ako kaya natulog muna ako dahil hindi ko na talaga kaya."*
*-Alyas Sarah*

*"Para sa akin, Ma'am, inuuna ko munang tapusin ang lahat ng aking mga gawain sa bahay bago ko gawin ang mga gawain sa WeeLMat. Kapag hindi ko natatapos ang mga gawaing-bahay, napapagalitan ako. Palagi akong nagigising nang alas-sais ng umaga upang maghugas ng mga pinggan at magsaing. Inuuna ko na lamang ang mga gawaing-bahay dahil kapag nakita nilang gumagawa ako ng modyul ngunit hindi pa ako nakapagsaing, napapagalitan ako. Kapag napapagalitan naman ako, nawawalan na ako ng ganang gumawa ng mga gawain."*

*-Alyas Hanz*

Sa kabilang banda, ipinakita rin sa pagsusuri na bukod sa pagpapanatili ng disiplina sa sarili, gumamit din ang mga kalahok ng iba't ibang paraan upang maiangkop ang kanilang pag-aaral sa mga sitwasyong kanilang kinakaharap. Mula rito ay nabuo ang ikalawang subtema na Pag-angkop sa Kapaligiran.

**Subtema 9.2: Pag-angkop sa Kapaligiran**

*"Sinubukan kong makipag-ugnayan sa aming tagapagbigay ng serbisyo sa kuryente dahil sumabog ang poste ng kuryente sa aming lugar dulot ng bagyo."*
*-Alyas Henry*

*"May suspensiyon ng klase at mayroon din akong mga kaibigan na nag-aaral sa ibang paaralan. Mayroon din silang mga gawain kaya sinabi ko sa kanila na magsama-sama na lamang kami at sabay-sabay gawin ang aming mga gawain. Kaya pumunta talaga ako sa kanilang bahay, Ma'am, kahit magkakaiba kami ng paaralan."*
*-Alyas Sylvia*

*"…Kinabukasan, nang makapasok na sa paaralan, doon ko na lamang ginawa ang mga gawain."*
*-Alyas Sarah*

*"Pumunta talaga ako sa bahay ng aking tiyahin, Ma'am, upang makakonekta sa internet at makita ang modyul. Isinave ko lamang ito at saka ko sinagutan pag-uwi sa bahay."*
*-Alyas Sarah*

*"…Itinigil ko muna ang paggamit ng social media, Ma'am. Una kong tiningnan ang aking mga gawain sa WeeLMat at hinanap ko na ang lahat ng kinakailangang impormasyon. Laptop ang ginamit ko sa paggawa ng mga gawain at hindi ako gumamit ng cellphone upang maiwasan ang social media."*
*-Alyas Samuel*

*"…Pinatulog ko muna ang bata, Ma'am. Kinausap ko ang aking tiyahin at ipinaliwanag ko na kapag walang klase at may bagyo, mayroon pa rin kaming mga gawaing kailangang tapusin. Sinabi niya na bibigyan na lamang niya ako ng pera, ngunit sinabi kong hindi iyon ang kailangan ko dahil ang mahalaga sa akin ay ang aking marka."*
*-Alyas Hanz*

Mula sa mga siping ito, umilitaw na ang pag-angkop sa kapaligiran ay naipakita sa pamamagitan ng paghahanap ng mga alternatibong solusyon upang maipagpatuloy ang kanilang mga gawaing pampagkatuto. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Cenka et al. (2022), ang mga kagamitang sumusuporta sa self-regulated learning ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral na pumili ng angkop na estratehiya, gumawa ng mga desisyong naaayon sa kanilang pangangailangan, at pamahalaan ang kanilang pagkatuto sa iba't ibang sitwasyon. Sa kabuuan ng temang ito, pinatutunayan ng mga karanasan ng mga kalahok na ang estratehiya sa sariling pamamahala ay naging mahalagang salik sa pagpapatuloy ng kanilang pagkatuto gamit ang WeeLMat.

**Tema 10: Motibasyong Pang-Akademiko**

Isa sa mga temang lumitaw sa pagsusuri ng mga datos ay ang Motibasyong Pang-akademiko. Ipinakikita ng temang ito na ang mga mag-aaral ay nanatiling determinado at nakatuon sa kanilang mga layuning pang-akademiko sa kabila ng iba't ibang hamong kanilang naranasan habang ginagamit ang WeeLMat.

**Subtema 10.1: Panloob na Motibasyon**

*"Sa kabila ng mga hamon, nananatili pa rin akong motibadong gawin ang mga aktibidad na nakapaloob sa WeeLMat."*
*-Alyas Sylvia*

*"Nahahamon akong gawin na lamang ang mga gawain sa paaralan. Sa bahay kasi ay personal akong tinatamad, ngunit mas nagiging motibado ako kapag nasa paaralan."*
*-Alyas Timmy*

*"Hindi naman ako naghahanap ng motibasyon, Ma'am. Ang plano ko lamang ay manatiling pare-pareho sa paggawa ng mga gawain upang maipasa ko ang mga ito."*
*-Alyas Henry*

*"Medyo nadedelay ka. Malaki ang epekto nito dahil nahuhuli ka kapag sa lugar ninyo ay may brownout samantalang sa iba ay may suplay ng kuryente. Gayunpaman, para sa akin, mas lalo pa akong nagiging motibado dahil mas nagiging hamon ang sitwasyon."*
*-Alyas Samuel*

*"Para sa akin, Ma'am, ang pinakaepektibo ay gawin agad ang mga gawain kapag kaya ko na itong gawin. Tinatapos ko agad ang mga ito."*
*-Alyas Samuel*

**Subtema 10.2: Panlabas na Motibasyon**

*"Ang aking motibasyon at determinasyon ay ang makakuha ng mataas na marka."*
*-Alyas Erny*

*"Ganoon din, Ma'am, ang makakuha ng mataas na marka."*
*-Alyas Henry*

*"Makakuha rin ng mataas na marka, Ma'am."*
*-Alyas Sylvia*

*"Ang insentibo ng mataas na marka."*
*-Alyas ng Timmy*

Mula sa mga salaysay ng mga kalahok, lumilitaw na ang kanilang motibasyon ay nagmumula sa parehong panloob at panlabas na salik. Ang interpretasyong ito ay umaayon sa natuklasan nina Morris et al. (2022), ang motibasyon ay maaaring magmula sa intrinsic motivation, kung saan ang isang tao ay kumikilos dahil sa personal na interes, kasiyahan, at pagpapahalaga sa pagkatuto, at extrinsic motivation, kung saan ang kilos ay naiuugnay sa mga panlabas na gantimpala tulad ng mataas na marka, pagkilala, at tagumpay. Batay sa kabuuang pagsusuri, pinatutunayan ng mga karanasan ng mga kalahok na ang motibasyong pang-akademiko ay naging mahalagang salik sa pagpapatuloy ng kanilang pagkatuto gamit ang WeeLMat.

## BUOD NG MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON AT MGA REKOMENDASYON

**Buod ng mga Natuklasan**

1. Napag-alaman na positibo ang karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng WeeLMat bilang bahagi ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Nakatulong ito sa pagpapatuloy ng

kanilang pag-aaral sa panahon ng suspensiyon ng klase, sa pagiging organisado sa pagsasagawa ng mga gawaing pang-akademiko, at sa paglinang ng kanilang kakayahang matuto nang may higit na kasarinlan.

2. Lumitaw sa pag-aaral na nakaranas ang mga mag-aaral ng mga hamong akademiko, teknikal, pansarili, at pantahanan. Ang mga hamong ito ay nakaapekto sa kanilang pag-unawa sa mga aralin, pagsasagawa ng mga gawain, pamamahala ng oras, at pagpapatuloy ng kanilang pagkatuto.
3. Sa kabila ng mga hamong naranasan, ipinakita ng mga mag-aaral ang kakayahang umangkop sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa kanilang mga kaklase, paggamit ng mga estratehiya sa sariling pamamahala, at pagpapanatili ng motibasyong pang-akademiko upang maipagpatuloy ang kanilang pag-aaral.

**Konklusyon**

1. Napag-alaman na ang WeeLMat ay nagsilbing isang makabuluhang kagamitang pampagkatuto bilang bahagi ng pagkatuto na nakatulong sa pagpapatuloy ng pag-aaral ng mga mag-aaral. Higit pa rito, ipinakita ng kanilang mga karanasan na ang paggamit ng WeeLMat ay nakapaglinang ng pagiging organisado, pananagutan sa pag-aaral, at kakayahang matuto nang may higit na kasarinlan.
2. Napag-alaman din na ang karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng WeeLMat ay naaapektuhan ng magkakaugnay na salik na akademiko, teknikal, pansarili, at pantahanan. Ipinakikita nito na ang pagiging epektibo ng anumang kagamitang pampagkatuto ay hindi maaaring iugnay lamang sa kalidad ng materyal.
3. Sa kabila ng mga hamong naranasan, naipamalas ng mga mag-aaral ang kakayahang umangkop sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa kanilang mga kaklase, paggamit ng mga estratehiya sa sariling pamamahala, at pagpapanatili ng motibasyong pang-akademiko. Dahil dito, mahihinuha na ang tagumpay ng paggamit ng WeeLMat ay hindi lamang nakasalalay sa mismong kagamitang pampagkatuto kundi maging sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral at sa suportang ibinibigay ng mga guro, paaralan, at pamilya.

**Rekomendasyon**

1. Para sa pagpapaunlad ng WeeLMat. Patuloy na paunlarin ang WeeLMat sa pamamagitan ng regular na ebalwasyon at rebisyon ng nilalaman, mga gawain, at mga panuto upang higit itong makatugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral at maisulong ang kanilang malaya at makabuluhang pagkatuto.
2. Para sa mga guro at administrasyon ng paaralan. Magpatupad ng mga programang magpapalakas sa akademiko at teknikal na suporta sa mga mag-aaral, kabilang ang pagbibigay ng malinaw na gabay, pagsasanay, at angkop na interbensiyon sa paggamit ng WeeLMat.
3. Para sa mga mag-aaral. Patuloy na paunlarin ang kasanayan sa sariling pamamahala sa pagkatuto, wastong pamamahala ng oras, at aktibong pakikipag-ugnayan sa mga guro at kamag-aral upang higit na mapakinabangan ang WeeLMat at mapanatili ang motibasyon sa pag-aaral.
4. Para sa mga magulang. Magpatuloy sa pagbibigay ng suporta, paggabay, at paghikayat sa mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Ang aktibong pakikilahok ng pamilya ay makatutulong sa pagpapanatili ng motibasyon, disiplina, at positibong saloobin ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto.
5. Para sa mga susunod na mananaliksik. Magsagawa ng mga kaugnay na pag-aaral sa iba't ibang asignatura, antas ng edukasyon, at kontekstong pang-edukasyon upang mapalawak ang kaalaman tungkol sa paggamit ng WeeLMat bilang bahagi ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

## TALASANGGUNIAN


1. *Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology, 3(2), 77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa*
2. *Braun, V., & Clarke, V. (2019). Reflecting on reflexive thematic analysis. Qualitative Research in Sport Exercise and Health, 11(4), 589–597. https://doi.org/10.1080/2159676x.2019.1628806*
3. *Byrne, D. (2021). A worked example of Braun and Clarke's approach to reflexive thematic analysis. Quality & Quantity, 56(3), 1391–1412. https://doi.org/10.1007/s11135-021-01182-y*
4. *Caballero-Cantu, J. J., Chavez-Ramirez, E. D., Lopez-Almeida, M. E., Inciso-Mendo, E. S., & Vergaray, J. M. (2023a). Autonomous learning in higher education. Systematic review. Salud Ciencia Y Tecnología, 3, 391. https://doi.org/10.56294/saludcyt2023391*
5. *Cenka, B. a. N., Santoso, H. B., & Junus, K. (2022). Using the personal learning environment to support self-regulated learning strategies: a systematic literature review. Interactive Learning Environments, 32(4), 1368–1384. https://doi.org/10.1080/10494820.2022.2120019*
6. *Department of Education. (2022). Basic Education Development Plan 2030. https://www.deped.gov.ph/about-deped/basic-education-development-plan/*
7. *Finn, A., Fitzgibbon, C., & Fonda, N. (2025). Self-directed learning and the student learning experience in undergraduate clinical science programs: A scoping review. Advances in Health Sciences Education, 30, 973–1005. https://doi.org/10.1007/s10459-024-10383-7*
8. *Giorgi, A. (2009). The descriptive phenomenological method in psychology: A modified Husserlian approach. Duquesne University Press.*
9. *Gouthro, P. A. (2022). Lifelong learning in a globalized world: The need for critical social theory in adult and lifelong education. International Journal of Lifelong Education, 41(1), 107–121. https://doi.org/10.1080/02601370.2022.2033863*
10. *Husserl, E. (1931). Ideas: General introduction to pure phenomenology (W. R. Boyce Gibson, Trans.). Macmillan. (Original work published 1913)*
11. *Kranz, J., Baur, A., & Möller, A. (2022). Learners' challenges in understanding and performing experiments: a systematic review of the literature. Studies in Science Education, 59(2), 321–367. https://doi.org/10.1080/03057267.2022.2138151*

12. *Lagmay, E. a. D., & Rodrigo, M. M. T. (2022). The impact of extreme weather on student online learning participation. Research and Practice in Technology Enhanced Learning, 17(1), 26. https://doi.org/10.1186/s41039-022-00201-2*
13. *Lai, Y., Saab, N., & Admiraal, W. (2022). Learning Strategies in Self-directed Language Learning Using Mobile Technology in Higher Education: A Systematic Scoping review. Education and Information Technologies, 27(6), 7749–7780. https://doi.org/10.1007/s10639-022-10945-5*
14. *Lincoln, Y. S., & Guba, E. G. (1985). Naturalistic inquiry. Sage Publications.*
15. *Lopo, A. M. (2025). Shift from face to face classes to distance learning: Best practices of selected private secondary schools in the Municipality of Daraga and City of Legazpi. JPAIR Multidisciplinary Research, 60(1). https://doi.org/10.7719/jpair.v60i1.936*
16. *Mazrekaj, D., & De Witte, K. (2023). The impact of school closures on learning and mental health of children: Lessons from the COVID-19 Pandemic. Perspectives on Psychological Science, 19(4), 686–693. https://doi.org/10.1177/17456916231181108*
17. *Miller, R. K., & Hui, I. (2022). Impact of short school closures (1–5 days) on overall academic performance of schools in California. Scientific Reports, 12(1), 2079. https://doi.org/10.1038/s41598-022-06050-9*
18. *Morris, L. S., Grehl, M. M., Rutter, S. B., Mehta, M., & Westwater, M. L. (2022). On what motivates us: a detailed review of intrinsicv.extrinsic motivation. Psychological Medicine, 52(10), 1801–1816. https://doi.org/10.1017/s0033291722001611*
19. *Moustakas, C. (1994). Phenomenological research methods. SAGE Publications. https://doi.org/10.4135/9781412995658*
20. *Mutalib, A. a. A., Akim, A. M., & Jaafar, M. H. (2022). A systematic review of health sciences students' online learning during the COVID-19 pandemic. BMC Medical Education, 22(1), 524. https://doi.org/10.1186/s12909-022-03579-1*
21. *Nur, S., & Butarbutar, R. (2022). Insights of Collaborative Learning Approach from Social-Psychology Perspective: A Systematic Review. Journal of English Education and Teaching, 6(3), 379–397. https://doi.org/10.33369/jeet.6.3.379-397*
22. *OECD, UNESCO Institute for Statistics, UNICEF, World Bank, & UNESCO. (2022). From learning recovery to education transformation: Insights and reflections from the 4th survey on national education responses to COVID-19 school closures. OECD Publishing. https://doi.org/10.1787/a79f55ac-en*
23. *Otero-Mayer, A., González-Benito, A., Gutiérrez-De-Rozas, B., & Expósito-Casas, E. (2025). Family Involvement in Early Childhood Education: A Systematic Review of its Measurement. Early Childhood Education Journal, 54(4), 2495–2516. https://doi.org/10.1007/s10643-025-02024-4*
24. *Prasse, D., Webb, M., Deschênes, M., Parent, S., Aeschlimann, F., Goda, Y., Yamada, M., & Raynault, A. (2024). Challenges in Promoting Self-Regulated Learning in Technology Supported Learning Environments: An umbrella Review of Systematic Reviews and Meta-Analyses. Technology Knowledge and Learning, 29(4), 1809–1830. https://doi.org/10.1007/s10758-024-09772-z*
25. *Zhang, J., Xiao, W., Soh, K. G., et al. (2024). The effect of the Sport Education Model in physical education on student learning attitude: A systematic review. BMC Public Health, 24, 949. https://doi.org/10.1186/s12889-024-18243-0*